Republic of the Philippines
Presidential Communications Office
NEWS AND INFORMATION BUREAU
PCOO-NIB Building, Malacañang Compound, Malacañang, Manila
Telephone Number: 734-3829

INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON
ATTORNEY HARRY ROQUE
BY ORLY MERCADO / ALL READY / DWFM
NOVEMBER 2, 2017 (7:46-7:54 AM)

ORLY: Mr. Secretary, good morning.

ATTY. ROQUE: Good morning, Ka-Orly. Hindi pa po tayo sanay diyan sa titulong iyan, pero maraming salamat.

ORLY: Hindi ko malaman kung iko-congratulate ko si Harry o (iko-)condolence. *[laughs]*

ATTY. ROQUE: Tama poyan. Malalaman po natin kung talagang congratulations or good luck ano ang pagbati ninyo.

ORLY: Anyway, we always wish you the best. You know I always believe in your competence for a long, long time. Pero mapunta tayo dito sa trabaho mo. Ano bang ano, ikaw ba ay magsisimula nang magconduct ng mga press conference soon?

ATTY. ROQUE: Simula na po tayo ngayong araw na ito, mamayang alas-onse po ang kauna-unahang press briefing natin para sa Malacanang Press Corp.

ORLY: At ano ba ang marching orders nabinigay saiyo ng ating Pangulo?

ATTY. ROQUE: Dalawa lang po: Doon lang tayo sa tama at huwag magsisinungaling 'no. At ako naman po ay nagagalak na ganyan ang naging marching orders ni Presidente dahil maraming naniniwala na ang taga pagsalita ay nagsisinungaling ano; ganung kabilinbilin po ng Presidente sa katotohanan po tayo at doon lang tayo sa tama.

ORLY: Eh napakahirap naman yung pag naglulubid kang kasinungalingan, dahil sa totoo niyan eh napakahirap tandaan lahat ng kasinungaligan natin sa buhay. We will be confronted with our own words. Pero by and large alam naman natin na napa-

NEWS AND INFORMATION BUREAU

importanteng komunikasyon sa governance eh, talagang kritikal po iyan eh. Pero ang problema is that normally napakahirapna—you know, napakahirap to keep it on track eh, dahil sa talagang ang daming mga ano eh—naalala ko iyong sinasabi ni Oliver Wendell Holmes noong araw eh, ang sabi niya "you cannot get to your destination if you stop on every barking dog," di ba. Pero sa totoo niyan eh hindi mo naman puwedeng—in this day and age of communications hindi mo rin puwedeng hindi sagutin eh di ba?

ATTY. ROQUE: Opo. Well, ako po'y pumapasok naman sa posisyon na ito: sa konteksto na importante ang kalayaan ng malayang pagsasalita at importante po ang freedom of information sa isang demokrasya. So ganiyang importansiya ang dinadala natin sa ating katungkulan, dahilang impormasyon po ay karapatan ng taong bayan.

ORLY: Okay. Mapunta naman ako dito sa latest visit ng ating Pangulo sa Japan. Napaka-importanteng affirmation ng kanilang commitment—at malalaking mga proyekto ito. Ito'y nakikita rin natin na isa sa mga paraan napaglalapit natin sa Japan, nakikita rin na pambalanse rin sa bansang China, hindi ho ba?

ATTY. ROQUE: Tama po 'no. It takes a PhD to appreciate po kung ano talaga iyong nangyari sa Japan. Iyang nangyari po sa Japan ay ating pagpaparating ng mensahe na ang Japan ay kasing importanteng China sa ating panlabas na relasyon. At nagagalak naman po ako 'no na ang bansang Hapon din ay hindi pumapayag na mas kaunti ang ibinibigay natulong sa ating bayan; kung ano ang ibinibigay ng Tsina parang ibinibigay ng bansang Hapon 'no. At ang sa akin naman po kung Amerika naman ay nais pang manatili relevant sa ating pang araw-araw na buhay ay gagawin din po niya ang ginagawa ng Tsina ng bansang Hapon 'no.

Pero sa akin po walang magiging resulta ito kung hindi ikabubuti sa ating bayan ng parehong bansang Tsina at Japan. Kumbaga nagpapagalingan kung sino ang magiging pinakamalapit na kaibigan ng Pilipinas.

ORLY: At sa pangmalawakan at pangmatagalang relasyon eh iyon naman eh may mga pagkakataon na hindi naman maalis na mayroon tayong disagreement pero ang importante eh lagging hinahanap iyong kung saan nagtutugma iyong interes natin.

ATTY. ROQUE: Tama po iyan 'no. At ang sabi ko nga 'no, pagdating naman sa relasyong panlabas 'no, hindi naman po talaga pakikipagkaibigan para lang sa pagkakaibigan ng iba't-ibang bansa; kaniya-kaniya pong interes iyan. At ngayon po malinaw na ang interes ng bansang Tsina at ng Hapon ay upang mga maging malapit na kaibigan ng Pilipinas dahil pagdating po doon sa kanilang posisyon sa rehiyon importante po ang magiging suporta ng Pilipinas at dahil narin po iyan iba't ibang usapin kasama na po diyan sa puntong investment po.

NEWS AND INFORMATION BUREAU

ORLY: Isa sa mga talagang disconcerting din itong behavior ng North Korea at hindi maliit na panganib eh, hindi ho ba? Dahil sa talagang nakakanerbiyos in the sense na talagang masyadong nagle-level (up) ng unpredictability at saka iyong rhetoric eh medyo…on both sides 'no, the US and also North Korea. Ano po ba sa tingin ninyo ang naging bunga ng pag-uusap ng Pangulo kay Shinzo Abe tungkol dito sa isyung ito?

ATTY. ROQUE: Well, wala naman pong konkretong napagkasunduan pagdating sa North Korea bagama't sa departure statement ni Presidente eh talagang sinabi niya na ang pinakamalaking hamon sa rehiyon ngayon ay itong North Korea, dahil kapag nagkaroon po ng panibagong nuclear encounter eh sigurado po ang Estadong Amerikano…ang buong rehiyon at posible pong buongmundo 'no, at lalong lalo na ang Pilipinas dahil tayo po ngayon ay nagta-take off tayo 'no pagdating doon sa mabilis ang paglago ng ating ekonomiya at ang isang nuclear war will sure enough have negative effect dito sa ating development.

So nanawagan po ang Presidente na mag-stop ang mga stakeholders at kinatigan din niya 'no na ang bansang Hapon at ang bansang Tsina na talagang gumawa ng mga pamamaraan upang makarating ang mensahe na ang isang nuclear encounter eh labag sa interes ng lahat sa Asya.

ORLY: At napakagandangayon, whether isang magiging focus ang mga bagay na iyan dito sa darating na Summit 'no, na kung saan ang Pangulo ng Estados Unidos ay darating din.

ATTY. ROQUE: Tama po iyan. Isa po iyon sa dahilan kung bakit minadali nila iyong pagpasok ko doon sa dami ng trabaho 'no. Dahil hindi lang po ASEAN Summit ang mangyayari nitong Nobyembre, kung hindi ito ang kauna-unahang pagdalaw po sa ating bansa ni Presidente Trump 'no.

Ang Pangulo naman - bagama't tayo po nag pivot na sa Asia - eh hindi naman niya sinasabi nawalan ang importansiya ang ating relasyon sa Estados Unidos 'no. Sa katunayan wala pa po siyang tratado na binabalewala 'no. Nandiyan pa rin iyong ating Mutual Defense Treaty, at nandiyan pa rin iyong Visiting Forces Agreement. Patunay na bagama't tayo ay nag pivot sa Asia ay nagnanais din namanatiling napakalapit nakaalyadong Estados Unidos.

ORLY: At kung tutuusin eh kaisa-isang treaty ally natin iyan.

ATTY. ROQUE: Tama po iyan 'no. At dahil nakita natin hindi naman po in-abrogate ng Presidente iyan 'no. Pero ito rin iyong kauna-unahang pagkakataon na magkakaroon ng

NEWS AND INFORMATION BUREAU

personal contact si President Trump and President Duterte, sila po ay may mutual admiration unang una. Tingin ko po naman this personal relationship can only have positive results for the Philippines.

ORLY: Maraming salamat, Secretary Harry Roque. Thank you very much for answering our call.

ATTY. ROQUE: KaOrly, maraming salamat at inaasahan ko po ang inyong suporta. Magandang umaga po.

# # #

NEWS AND INFORMATION BUREAU